

Pagbangon muli mula sa Apoy



Yugto 1: Pagtanggag ng Mapanganib na Basura sa Sambahayan

Santa Clara County, CA - Oktubre 2020

Pinangungunahan ng Environmental Protection Agency (EPA) ng US ang pagsurvey, pagtanggag, at pagtapon ng mapanganib na basura ng sambahayan (household hazardous waste o HHW) sa mga propyedad na naapektuhan ng mga apoy sa SCU Lightning Complex sa Santa Clara County. Itong pagtanggag ng HHW ay Yugto 1 ng pangkalahatang tugon.

Ano ba ang mapanganib na basura ng sambahayan (HHW)?

Mga pang-araw-araw na produkto tulad ng mga pintura, cleaner, pantunaw, langis, baterya, herbicide, at pesticide, na madalas may mapanganib na sangkap.

Tatanggalin ng mga field crew ng HHW ng EPA ang mga bagay na pinaghihinalaang mayroong asbestos kung madali silang makilala, ngunit ang propyedad ay hindi matatanggagan ng asbestos hanggang sa Yugto 2. Ang mga pressurized na silindro ng gasolina ay maaari ding magdulot ng banta at sila ay tatanggalin. Kasunod ng apoy, ang mga produktong ito ay nangangailangan ng espesyal na paghawak at pagtatapon, lalo na kung nakompromiso ang kanilang mga lalagyan.

Paano tinatanggag ang HHW mula sa mga propyedad?

Isu-survey ng EPA ang bawat propyedad, pagkatapos ay tatanggalin ang mga natukoy na materyales na HHW sa panahon ng pagsurvey.

Ang ilang mga walang laman na lalagyan at tangke ay mamarkahan ng puting pintura (tingnan ang imahe sa kanan) at iiwanan para sa koleksyon sa Yugto 2, ang proseso ng pagtanggag ng basura.

Bakit tinanggag ang HHW?

Ang gawaing ito ay magbibigay daan para sa pagtanggag ng abo at basura, at para makapagsimula ang rebuilding process. Isang Executive Order na inilabas noong Setyembre 25, 2020 ng Gobernador ng California ay nagbibigay sa EPA ng awtoridad na pumunta sa mga propyedad upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, mga hayop, at ang kapaligiran mula sa mga banta na ito.



Mga walang laman na lalagyan, na minarkahan ng puting pintura, ay kukunin sa Yugto 2.



Ang Yugto 1 ay ginagawa nang walang gastos sa mga may-ari ng propyedad.

Tatanggalin ba ng EPA ang ibang bagay maliban sa HHW?

Hindi. Tatanggalin **lamang** ng EPA ang mapanganib na basura. Kung may mahanap na mga baril o may pinaghihinalaang bangkay, agad na hihinto ang EPA ng trabaho at makipag-ugnay sa Sheriff ng County. Walang tatanggalin na ibang mga bagay.

Paano ko malalaman kung isu-survey ang aking propyedad para sa HHW?

- Hanapin ang inyong address sa EPA StoryMap (hanapin ang icon na "Address Lookup"):
www.epa.gov/2020CAfireresponse
- Ipapakita ng mga resulta mula sa inyong paghahanap kung ang inyong propyedad ay nasira at nangangailangan ng pagsusuri (assessment).
- Kung hindi ipinakita na ang inyong propyedad ay napinsala, ngunit mayroon kayong gusali na nasira ng sunog o nawasak (kahit na maliit na istraktura), tawagan ang Department of Environmental Health's Wildfire line ng Santa Clara County:
📞 408-918-3411

Paano ko malalaman kung ang proseso ay nagsimula at nakumpleto na?

Magpo-post ang EPA ng isang palatandaan (tingnan ang imahe sa kanan) sa bawat propyedad kapag natapos ang pagtanggap ng HHW (Yugto 1). Ang mga nakumpletong propyedad ay mamarkahan din sa EPA StoryMap, at maaaring mahanap sa pamamagitan ng "Address Lookup" tool sa StoryMap:

www.epa.gov/2020CAfireresponse

Ipinapakita rin sa StoryMap ng EPA kung aling mga work zone crew ang nagtatrabaho sa bawat araw.

Maaari ba akong magbigay ng impormasyon sa mga field crew ng HHW para sa mga potensyal na panganib bago sila makarating sa aking propyedad?

Oo. Mangyaring tawagan ang hotline ng EPA sa **(415) 793-8794** kung mayroon kayong anumang mga espesyal na komento o inaalala tungkol sa inyong propyedad.

Ang mga propyedad ng aking mga kapitbahay ay nakumpleto para sa HHW ngunit ang akin ay hindi. Bakit hindi?

Mayroong maraming mga kadahilanan na nakakaapekto sa mga iskedyul ng HHW. Halimbawa, ang mga HHW field crew ay maaaring hindi magtrabaho sa isang lugar kung naroon ang iba pang mga field crew, upang mabawasan ang trapiko at kasikipan. Ang panahon at liwanag ng araw ay nakakaapekto din sa iskedyul. Gayundin, ang mga HHW field crew ay hindi maaaring magtrabaho sa mga propyedad na may mga mapanganib na puno o kalupaan, hindi matatag na mga istraktura, o iba pang mga hindi ligtas na kondisyon. Ang mga propyedad na iyon ay matutugunan sa Yugto 2.

Para sa karagdagang impormasyon:

Para sa mga katanungan hinggil sa pagtanggap ng HHW at mga basura, makipag-ugnay sa Department of Environmental Health (DEH) Wildfire line ng Santa Clara County: 408-918-3411.

Maaari din niyong bisitahin ang DEH Site sa: <https://www.sccgov.org/sites/deh/Pages/Fire.aspx>

O ang Website ng Office of Emergency Management SCU Fire Recovery: www.sccgov.org/lightningcomplex